Pangalan: ________________________ Petsa: ______________ Iskor: ________

# PAGHAHANDA SA PANGARAP KO SA BUHAY

**Panuto:** Basahin ang sumusunod at sagutan ang mga katanungan. Isulat lamang ang letra ng 5 wastong sagot sa bawat tauhan.

A. Pangarap ni Haydee na maging *flight attendant.* Bukod sa malaking suweldo, makararating pa siya sa iba't-ibang bansa ng libre. Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghahandang dapat niyang gawin habang nag-aaral pa siya?

A. Pagbutihin ang pag-aaral sa English.

D. Panatilihing buo at maganda ang ngipin

G. Sanayin ang sarili sa pagbubuhat ng mga bagay

B. Pagbutihin ang pag-aaral sa Science

E. Sanayin ang sarili sa pakikiharap sa tao

H. Pag-unawa sa *stock market*

C. Pagbutihin ang pag-aaral sa MAPEH

F. Panatilihing malakas at malusog ang pangangatawan

I. Maging mulat sa palitan ng dolyar sa piso

B. Pinaplano ni Jessica na magkaroon ng *on line food business.* Nakaipon na siya ng sapat na salapi upang maging puhunan. Nakaisip na rin siya ng pagkaing ibebenta. Anong mga paghahanda ang dapat niyang gawin?.

A. Pag-aralan kung paano ang *e-commerce*

D. Pumunta sa *City Hall* upang humingi ng permit.

G. Mag aral ng *business management*

B. Kumuha ng kakailanganing tauhan

E. Mag-isip ng kakaibang produktong ibebenta

H. Magbayad ng buwis sa BIR

C. Maghanap ng lugar kung saan itatayo ang negosyo.

F. Pag-aralan ang sistema ng mga kilalang on line sellers.

I. Maghanap ng mga posibleng *suppliers.*



**Tiyak na Panahon: Markahan 3 Ika 7-8 na Linggo**
**Kasanayan: Nailalarawan ang kalahagahan ng pagpaplano bilang paghahanda sa pagnenegosyo atpaghahanap-buhay**
**Note to the Teacher: : Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal.**

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: ________________________ Petsa: ______________ Iskor: ________

# PLANO NG KARERA KO

**Panuto:** Basahin ang teksto. Anu-anong mga kakayahan, talento at pagpapahalagang taglay ng mga tauhan ang makatutulong sa pagkakamit ng kanilang pangarap? Isulat ang letra ng wastong sagot. Pumili lamang ng 5 sa bawat pangkat.

**Pangkat A**

Bata pa lamang ay hilig na ni Johnny ang gumuhit ng mga disenyo ng bahay. Ngayong siya ay nagbibinata at nasa haiskul na ay taglay niya pa rin ang pangarap na ito.

Ano-anong mga kakayahan, talento at pagpapahalaga ang dapat niyang paunlarin upang makamit ang pangarap?

**PANGARAP:**

**Maging Arkitekto**

A. Husay sa pakikipag-usap
B. Kaayusan
C. Kalakasan
D. Katapangan
E. Pagguhit
F. Pagiging malikhain
G. Pagiging mapagmasid
H. Pagkuha ng sukat

.

**Pangkat B**

Nais ni Janelle na maging guro sa elementarya. Pinagbubutihan niya ang pag-aaral upang makakuha ng matataas na marka at matanggap sa pamantasang nais niyang pasukan sa kolehiyo.

Ano-anong mga kakayahan, talento at pagpapahalaga ang dapat niyang paunlarin upang makamit ang pangarap?

**PANGARAP:**

**Maging Guro**

A. Hindi pagiging j*udgemental*
B. Husay sa pagsasalita
C. Husay sa matematika
D. Katapangan
E. Pagtitimpi
F. Pagiging mapagmasid
G. Pagkuha ng sukat
H. Tiyaga



**Tiyak na Panahon: Markahan 3 Ika 7-8 na Linggo**
**Kasanayan: Nailalarawan ang kalahagahan ng pagpaplano bilang paghahanda sa pagnenegosyo atpaghahanap-buhay**
**Note to the Teacher: : Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal**.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: ________________________ Petsa: ______________ Iskor: ________

# KUNG GUSTO MAY PARAAN

**Panuto:** Basahing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Sagutan ang mga katanungan matapos basahin. Piliin lamang ang letra ng wastong sagot.

Nasa ika-labindalawang baitang (Grade 12) na si Casper sa *Senior High School.* Pangarap niyang maging isang inhinyero at makapag-aral sa isang mahusay at kilalang unibersidad sa larangan ng *engineering.* Mataas ang kanyang marka sa mga asignaturang may kinalaman sa agham at matematika sapagkat ang kanyang talino ay nasa *mathematical, logical* at *analytical.* Sa kabila nito, sinabihan siya ng kanyang mga magulang na pumili na lamang ng kursong kakayanin ng kanilang katayuang pinansyal. Nagtitinda lamang ng gulay sa palengke ang kanyang ina at tsuper ng dyip ang kanyang ama. May tatlo pa siyang kapatid na pinag-aaral din ng kanyang mga magulang. Sa palagay ng kanyang mga magulang higit na mabuting kumuha na lamang muna siya ng kursong hindi magastos at makakayanan nilang tustusan kahit paano kaysa ituloy ang kursong nais niya ngunit hanggang unang taon lamang sa kolehiyo siya matustusan at hindi na sa mga susunod na taon.

1. Anong salik ang maaaring makahadlang sa pagkuha ng pinapangarap na kurso ni Casper?
   A. Hilig o interes C. Kalagayang pinansyal
   B. Kakayahan o talento D. Kasanayan

2. Saang salik nabibilang ang kanyang matataas na marka sa agham at matematika?
   A. Hilig o interes C. Kalagayang pinansyal
   B. Kakayahan o talento D. Kasanayan

3. Bukod sa likas na kakayahan ni Casper, ang pag-aaral sa isang mahusay na pamantasan ay makatutulong upang malinang pa ang kanyang:
   A. Hilig o interes C. Kalagayang pinansyal
   B. Kakayahan o talento D. Kasanayan

4. Ang payo ng kanyang mga magulang ay nagpapatunay ng kanilang pagpapahalaga sa:
   A. Disiplina B. Edukasyon C. Katipiran D.Trabaho

5. Ano ang pinakamabuting gawin ni Casper upang makapagpatuloy sa kanyang pangarap na kurso?
   A. Tulungan ang ina sa pagtitinda. C.Magpaturo sa ama na magmaneho
   B. Mag-apply ng scholarship D.Pahintuin muna ang mga kapatid.



**Tiyak na Panahon: Markahan 3 Ika 7-8 na Linggo**
**Kasanayan: Nailalarawan ang kalahagahan ng pagpaplano bilang paghahanda sa pagnenegosyo atpaghahanap-buhay**
**Note to the Teacher: : Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal**.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: _________________________ Petsa: ______________ Iskor: ________

## GAANO KA KA-*SMART*?

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at suriin kung anong Katangian ng Mithiin ang kinabibilangan nito. Pumili lamang sa **S, M, A, R,** o **T** at isulat ang iyong sagot sa patlang.

| **S-**pecific | **M-**easurable | **A**-ttainable | **R**-esult-oriented | **T**-imebound |
|---|---|---|---|---|

___1. Binibigyan ni Alma ang sarili ng tatlong buwan upang matapos ang *research paper* na ginagawa.

___2. Nais ni Jennifer na magtayo ng isang maliit na sari-sari *store* malapit sa paaralan sa kanilang lugar.

___3. Target ni Enzo na makakuha ng *general average* na 90 upang mag *qualify* siya sa *scholarship* sa papasukang kolehiyo.

___4. Nagsisikap sa pag-aaral si Mateo upang makatapos ng pag-aaral.

___5. Nag-iipon ng Php 20 araw-araw si Nelida upang pagdating ng katapusan ng buwan ay may ipon siyang P600.

___6. Iniiwasan ni Arturo ang madalas na paglalaro ng *computer games* upang makagawa ng takdang aralin.

___7. Nais ng coach nina Jayjay na makapag-uwi sila ng *trophy* pagkatapos ng liga ng *basketball* sa kanilang barangay.

___8. Kailangang maka graduate na si Emmalou pagdating ng Agosto sa susunod na taon.

___9. Kailangang makapagluto ng menudo ang pangkat nina Racquel bago matapos ang klase sa *Home Economics.*

___10. Upang pumayat, kailangang bawasan ni Jane ang pagkain ng kanin.



**Tiyak na Panahon: Markahan 3 Ika 7-8 na Linggo**
**Kasanayan: Nailalarawan ang kalahagahan ng pagpaplano bilang paghahanda sa pagnenegosyo atpaghahanap-buhay**
**Note to the Teacher: : Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal**.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**